



## CATHOLIC ARCHDIOCESE OF MELBOURNE

### **PATAKARAN SA PANGANGALAGA NG KALIGTASAN NG MGA BATA AT KABATAAN (SAFEGUARDING CHILDREN AND YOUNG PEOPLE POLICY)**

#### SCHEDULE NG PANGANGASIWA NG PATAKARAN

<b>May-ari ng Policy</b>	<b>Director, Unit ng Mga Propesyonal na Pamantayan (Professional Standards Unit)</b>
<b>Application sa Policy</b>	Ang lahat ng clergy, mga empleyado at boluntaryo ng Katolikong Archdiocese ng Melbourne (Catholic Archdiocese of Melbourne) (hindi kasama ang staff ng Katolikong Edukasyon ng Melbourne )Catholic Education Melbourne), Pondo ng Katolikong Pagpapaunlad (Catholic Development Fund), Katolikong Pangangalaga (CatholicCare), Mga Katolikong Tahanan ng Villa Maria (Villa Maria Catholic Homes) at Mga Paaralan ng Archdiocese (Schools of the Archdiocese))
<b>Awtoridad para Aprubahan</b>	<b>Catholic Archbishop of Melbourne</b>
<b>Petsa ng Aprubasyon ng Pagtanggap</b>	<b>9 Hulyo 2019</b> Pagpapalit sa CAM Patakaran sa Kaligtasan ng Bata (Child Safety Policy) at Maaaring Lumabong ang Ating Mga Anak na Kodigo ng Asal sa Pag-aalaga sa Ating Mga Anak (May Our Children Flourish Code of Conduct for Caring for Children)
<b>Petsa ng Susunod na Review</b>	<b>Ang unang bersyon ay maaring sumailalim sa mga pagsusog bago ang petsa ng taunang review sa Hulyo 2020 bilang resulta ng:</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>- mahahalagang feedback mula sa mga stakeholder</li> <li>- mga pagbabago sa batas</li> <li>- isang pagrerepaso sa mga kritikal na pangyayari para mataguyod ang patuloy na pagpapahusay.</li> </ul>

**Mga nauugnay na dokumento at Patakaran**

**Working with Children Check Protocol Patakaran sa Pambansang Pagsusuri ng Pulis (National Police Check Policy)**  
**Payo sa Pagtupad sa Pagkapribado (Privacy Compliance Advice)**  
**Protokol sa Email at Internet (Email and Internet Protocol)**  
**Patakaran sa Social Mdia (Social Media Policy) Patakaran sa Pambu-bully sa Lugar ng Trabaho (Workplace Bullying Policy) Patakaran sa Seksuwal na Panliligalig (Sexual Harassment Policy)**  
**Kodigo ng Asal para sa Mga Empleyado ng Mga Diocesan na Ahensiya (Code of Conduct for Employees of Diocesan Agencies)**

### **Introduksyon**

Ang Simbahang Katoliko ay may moral na ginagabayan ng moral at legal na responsibilidad na lumikha ng mabubuting kapaligiran kung saan ang mga bata at kabataan ay ginagalang, kung saan naririnig ang kanilang boses, at kung saan mararamdaman nila na sila ay ligtas at tunay na magiging ligtas.

### **Tungkulin ng pag-aalaga**

Itinuturing ng Catholic Archdiocese of Melbourne (CAM) ang pangangalaga, kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan bilang isang napakahalagang responsibilidad ng Simbahan. Ang pangako na ito ay buhat sa, at naaangkin sa, pagtuturo at misyon ni Hesu Kristo, ng may pagmamahal, hustisya at dignidad ng bawat tao sa puso ng Ebanghelyo.

### **Karapatan sa kaligtasan at pagsali**

Ang kultura ng kaligtasan sa loob ng Simbahan ay nakakatiyak na ang mga bata at kabataan (tinutukoy na mga mas bata sa 18 taong gulang) ay aktibo at ganap na makakalahok sa buhay ng Simbahan at mauunawaan ang kanilang kakayahan sa komunidad ng pananampalataya. Ang CAM ay may zero tolerance sa lahat ng mga uri ng pang-aabuso ng bata at maling pakikitungo at may pananagutan sa pagpoprotekta sa mga bata at kabataan mula sa pinsala.

### **Pang-aabuso ng bata**

Ang pang-aabuso ng bata o di wastong pagtrato ay tinutukoy bilang isang kilos (o serye ng mga kilos) na nalalagay ang bata o kabataan sa panganib ang pisikal o emosyonal na kalusugan o development at/o kabiguan na makapagbigay ng mag kondisyon hanggang sa punto na ang kalusugan at paglaki ng bata o kabataan ay lubos na humina at nalagay sa peligro.

Ang mga kategorya ng abuso at di wastong pagtrato ay kinabibilangan ng:

- pisikal na pag-aabuso
- sexual abuse kasama na ang “grooming “ (paghahanda o pag-aayos para sa lumaon)
- emotional abuse na kinabibilangan ng spiritual abuse
- karahasan sa pamilya
- kapabayaan
- diskriminasyon
- pambu-bully

Ang mga senyas at hudyat ng pang-aabuso ng bata o di wasong pagtrato ay hindi parating madaling makita. Ang pisikal na pag-abuso ay maaaring mas madaling makita kaysa sa iba pang mga uri ng abuso (hal. pasa). Ang kapabayaan ay mas mahirap makita dahil ito ay binubuo ng kabiguan na makapagbigay ng sapat na pag-aalaga at pansin. Tulad ng nabanggit, maaaring hindi mo masaksihan ang diskriminasyon o pambu-bully na may kaugnayan sa kapansanan, sakit na pangkaisipan, karahasan sa pamilya, kulay ng balat o lahi, gender identity o sexual orientation. Gayunman, maaari itong magresulta sa mga senyas o hudyat na ang pag-uugali ng bata, halimbawa na dito ang pagbubukod sa mga kasamahan at depresyon.

Ang lahat ng mga bata at kabataan ay mahihina pero may ilang mga bata at kabataan na mas nanganganib sa pang-aabuso ng bata kaysa sa pangkalahatang populasyon. May mga bata na nakaranas na dati ng abuso o may kapansanan, galing sa ibang kultura o may ibang wika, iyong mga nakakaranas ng kahirapan o walang tirahan o walang pangangalaga sa tahanan. Katulad nito, ang mga pangangailangan para sa kaligtasan ng bata ng mga Aboriginal at Torres Strait Islander na bata ay mas malubha sanhi ng kasaysayan ng racism, marginalisation at dispossession.

### **Dignidad ng mga bata at kabataan**

Pinapahalagahan ng CAM ang kontribisyon at dignidad ng lahat ng mga bata at kabataan at lumilikha ng mga oportunidad para makasali ang mga bata at kabataan sa pagdedesisyon tungkol sa mga programa, aktibidad at event na nakaka-apekto sa kanila. Kinikilala ng CAM ang pangangailangan para mabigyang kapangyarihan ang lahat ng mga bata at kabataan, lalo na iyong mas nanganganib sa pag-aabuso. Ang pagiging bahagi nila sa pagdedesisyon ay maaaring isang mahalagang factor ng proteksyon para maiwasan ang pag-aabuso sa loob ng mga organisasyon ng Simbahan.

### **Pagbibigay impormasyon at pagiging bahagi ng mga magulang (at tagapag-alaga) sa pagtataguyod ng kaligtasan ng bata**

Kinikilala ng CAM na ang mabisang kaligtasan para sa bata sa loob ng mga parokya, ahensya at entity ay hindi magagawa kung hindi napapabilang ang mga magulang (at tagapag-alaga) at hangad na isali ang mga magulang bilang mga kritikal na katulong sa pagtataguyod ng kaligtasan ng mga bata at kabataan. Ang pagiging bahagi ng mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata at kabataan na pinakamahina na maaaring makaranas ng abuso ay lubos na mahalaga.

### **Pagbantay sa mga bata at kabataan na kasama sa Catholic Archdiocese of Melbourne**

Kinikilala ng CAM na ang pag-iiwas sa child abuse ay nangangailangan ng mga proactive na pamamaraan sa mga patakaran, pamamaraan at pamamalakad nito na umaalinsunod sa mga requirement ng:

- Mga Pamantayan sa Ligtas na Bata (Child Safe Standards) at ang Pamamaraan sa Maiuulat na Asal (Reportable Conduct Scheme) (Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan (Commission for Children and Young People), Victoria)
- Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas na Vbata (National Principles for Child Safe Organisations) (Komisyon sa Mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission))
- Mga Pamantayan sa Pambansang Katolikong Pangangalaga ng Kaligtasan (National Catholic Safeguarding Standards) (Limitadong Mga Pamantayan ng Katoliong Propesyonal (Catholic Professional Standards Limited))

Para maisatupad ang responsibilidad na ito, agn CAM ay bumuo ng isang komprehensibong talaan para makapagbigay gabay sa pagpapatupad sa mga patakaran, pamamaraan at pamamalakad hinggil sa kaligtasan ng bata sa loob ng mga parokya, ahensiya at entity na may layunin na maiwasan ang child abuse, pagpapalakas sa mga bata at kabataan, at pagtutugon sa mga ikinababahala, mga pagpapahayag o alegasyon ng pang-aabuso ng bata o maling pagkilos na may kinalaman sa bata.

Ang patakaran na ito ay nagbibigay ng malawakang pananaw sa talaan at dapat basahin kasama ng mga nagbibigay suportang dulugan hal. mga patnubay sa pagpapatupad, mga factsheet, mga template.

Ang pagpapatupad ng patakaran na ito ay sumasaklaw hanggang sa mga pag-uugali ng clergy, empleyado at boluntaryo na napapaloob sa kanilang tungkulin sa loob ng Simbahan: pumapaloob sa mga pisikal na limitasyon ng CAM (hal. mga simbahan, mga parish hall, persbuteries); humigit sa mga pisikal na limitasyon kabilang na ang suporta sa parokya, pagbisita o outreach sa pag-aari na hindi pagmamay-ari ng simbahan (hal. mga ospital, detention center, bilangguan, mga tahanan), online o sa pamamagitan ng mga digital na environment at habang bumibiyaha sa labas ng

Archdiocese ng lokal, interstate o sa ibang bansa man.

### **Mga responsibilidad sa pagbabantay**

Sa pamamagitan ng Professional Standards Unit, ang Archbishop ay sumusuporta at tumutulong sa mga parokya, ahensiya at entity na:

- ipatupad ang mga pamamalakad at proseso sa pagbabantay tulad ng naibalangkas sa patakarang ito
- ayusin ang pagtugon sa mga alegasyon at tulat ng maling pagkilos na may kaugnayan sa kaligtasan ng bata at child abuse na nauugnay sa isang clergy, mga empleyado at mga boluntaryo sa Archdiocese
- bantayan at patuloy na pahusayin ang mga pamamalakad at proseso sa pagbabantay.

Ang pamunuan ng CAM para sa parokya, ahensiya at entity ay may pananagutan na tiyakin ang pagsunod sa patakarang ito at sa mga kaugnay na pamamaraan at pamamalakad sa bawat isang parokya, ahensya at entity para maprotektahan ang mga bata at kabataan. Hihilingin ng PSU ang pamumuno ng bawat parokya, ahensiya o entity kasama ng Komite ng Pangangalaga sa Kaligtasan (Safeguarding Committee) para mabigyang buod ang pagsunod nito sa mga inaatas ng patakaran na ito taon-taon.

Ang Safeguarding Committee na itinatag sa bawat isang parokya, ahensiya o entity ay may sentral na tungkulin sa pagtulong sa pari ng parokya, o ahensiya o leader ng entity sa pagpapatupad ng mga requirement ng patakaran na ito.

Dagdag pa dito, dahil ang pagbabantay sa mga bata at kabataan ay responsibilidad bilang isang nagkakaisang grupo; ang lahat ng mga tao sa ministry, na nagtatrabaho o boluntaryo sa loob ng CAM ay tinatanggap ang kanilang indibiduwal na responsibilidad na sumunod ng may malinaw na inaasahan sa pag-uugali para kumilos sa isang paraan na mapang-aruga, magalang at ligtas patungo sa mga bata at kabataan.

**Ang bawat miyembro ng clergy, empleyado o boluntaryo sa loob ng Archdiocese ay may moral, legal at etikal na responsibilidad na pangalagaan, at itaguyod ang kapakanan ng mga bata at kabataan, at protektahan ang mga ito mula sa pinsala o abuso.**

Ito ay ginagamit sa lahat ng mga kasali sa mga Archdiocesean na parokya, ahensiya at entity na kinabibilangan ng:

- clergy, kasama na ang lahat ng mga canonical na administrator ng parokya (hal. obispo, pari ng parokya, katulong na pari, migrant na mga chaplain, bumibisitang clergy, mga pari sa residence, supply clergy, deacons)
- Ang Sisters, Brothers at Religious Priests na may Pagtatalaga mula sa Arsobispo para magtrabaho sa isang parokya o Archdiocesan entity
- mga empleyado (kasama na ang mga regular na empleyado)
- lay ecclesiastical ministers kasama na ag pastoral associates, iyong mga kasali sa chaplaincy
- mga boluntaryo
- mga seminarista
- mga nanunuluyan sa presbytery o sa ari-arian ng parokya, ahensiya o entity
- mga naitalagang estudyante
- mga contractor (kung kailan naaangkop)

Ang CAM Safeguarding Children and Young People Policy ay sumasabay sa development ng mga katulad na patakaran sa maraming mga organisasyon ng CAM na kasali sa edukasyon, kalusugan at welfare. Ang CatholicCare, Catholic Education Melbourne, Catholic systemic schools, Mannix College at Villa Maria Catholic Homes ay mayroon lahat ng mga patakaran sa pagbabantay at tauhan na nagtatrabaho o nagboboluntaryo sa mga organisasyon na ito, ang gagabayan ng mga patakaran na ito at walang obligasyon sa ilalim ng CAM Safeguarding Children and Young People Framework.

## **Tauhan para sa kaligtasan**

### **Pagpili, pagkuha at pagsusuri**

Hangad ng CAM na magkaloob ng ligtas at kapaki-pakinabanga na mga interaksyon sa mga bata at kabataan na napapaloob sa mga parokya, ahensiya at entity, mainam na nagtatakda ng proseso para pumili, kumuha at masuri, habang isinasaalang-alang ang pagiging angkop ang tao na magtrabaho kasama ang mga bata at kabataan sa ministry o sa pagtatrabaho o boluntaryong tungkulin para mapakaunti ang panganib na maganap ang pang-aabuso ng bata.

### **Kodigo ng Asal para sa kaligtasan ng bata**

Ang tiyak na kodigo ng asal para sa kaligtasan ng bata ay nagbibigay gabay sa clergy, mga empleyado at boluntaryo nang naaayon ng pagiging bahagi nila sa pakikipagtrabaho sa mga bata at kabataan sa kanilang parokya, ahensiya o entity.

### **Induksiyon**

Sinasama sa proseso ng induksiyon ang kamalayan sa pagbabantay para makapagtatag ng pundasyon sa pag-uunawa at pananagutan sa kaligtasan ng mga bata at kabataan.

### **Pagsasanay sa pagbabantay**

Sa pagsusuporta sa clergy, mga empleyado at boluntaryo para mataguyod ang kaligtasan ng mga bata at kabataan at magawa ang kanilang mga responsibilidad ayon sa patakaran n aito, ang CAM ay nagbibigay ng iba't ibang mga pagsasanay (training) at aktibidad na nagbibigay impormasyon na nakakapagkaloob sa clergy, mga empleyado at boluntaryo ng mga kakayahan at kaalaman para mataguyod ang ligtas na pagsali ng mga bata at kabataan.

### **Pamamahala**

Isang inaatas sa ilalim ng patakaran a ito para doon sa may mga tungkulin na kinabibilangan ng pakikipagtrabaho kasama ng mga bata at kabataan na bigyan ng pamamahala at suporta para magawa ang kanilang tungkulin sa isang paraan na nagtataguyod sa kaligtasan ng mga bata at kabataan at pinapahintulutan ang pagtutuklas ng pag-uugali na maaring makakapinsala sa mga bata at kabataan.

## **Mga programa, aktibidad at event na may kinalaman sa kaligtasan**

### **Pamamahala sa panganib sa kaligtasan ng bata**

Ang mga parokya, ahensiya at entity ay nagbabantay sa mga bata at kabataan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang pamamaraan na nangangasiwa sa panganib na maayos na nakikilala at natatasa ang panganib na may kaugnayan sa mga programa, aktibidad at event na kinasasangkutan ng mga bata at kabataan para mapakaunti ang mga oportunidad na may maganap na pananakit.

### **Pagtutupad at mga patnubay sa pag-uugali**

Bilang pandagdag sa proseso ng pamamahala sa panganib, ang mga parokya, ahensya at entity ay gumagamit ng patnubay na ipinagkaloob para sundin sa pagkilos at pati na rin patnubay sa pag-uugali na may kaugnayan sa pagsasagawa ng mga programa, aktibidad at event na kinasasangkutan ng mga bata at kabataan.

### **Pagtugon at pag-ulat ng pag-aabuso sa bata**

Ang kaligtasan ng mga bata at kabataan ay lubos na mahalaga. Ang lahat ng mga ikinababahala, alegasyon o reklamo tungkol sa child abuse ay sineseryos, at kumikilos agad na umaalinsunod sa moral, etikal at legal na mga obligasyon ng Catholic Archdiocese of Melbourne para mabantayan ang mga bata at kabataan.

Sa Victoria, ang sumusunod na lehislyasyon ay namamahala kung paano dapat kumilos ang bata bilang pagtugon sa child abuse:

- *Ang Batas ng Mga Bata, Kabataan at Mga Pamilya (Children, Youth and Families Act) 2005* (Vic) ay maipapaliwanag na kapag ang bata ay nangangailangan ng proteksyon (s 162) at ang mandatory na mga obligasyon sa pag-uulat ng ilang mga professional na nagtatrabaho sa ating komunidad (ss 182, 184).
- *Ang Batas sa Kabutihan ng Kalagayan ng Bata at Kaligtasan (Child Wellbeing and Safety Act) 2005* (Vic) ay nagtatakda sa Pamamaraan sa Maiuulat na Asal (Reportable Conduct Scheme).
- *Ang Batas sa Mga Krimen (Crimes Act) 1958* (Vic) ay nagtitiyak ng mga sala ng ' kabiguan na protektahan (failure to protect) ' (s 490) at ' kabiguan na isiwalat (failure to disclose) ' (s 327) na nagtatakda ng mga karagdagang legal na responsibilidad na may kaugnayan sa pag-uulat, kung may makatuwirang paniniwala na ang isang bata o murang edad na kabataan ay nanganganib o nakakaranas ng child sexual abuse.

Kinikilala ng CAM na moral, legal at etikal na tungkulin nito na mabisang tugunan at i-ulat ang mga ikinababahala, alegasyon o reklamo sa maling pagkilos na may kinalaman sa kaligtasan ng bata at/o pang-aabuso sa bata sa naaangkop na mga awtoridad tulad ng Victorian Police, Proteksiyon ng Bata (Child Protection) (Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services)) at sa Reportable Conduct Scheme (Komisyon para sa Mga Bata at Kabataan (Commission for Children and Young People)).

Ang mga bata at kabataan (at ang kanilang mga pamilya) na kasama sa ilalim ng CAM ay may impormasyon at suporta para mag-ulat ng ikinababahala, alegasyon o magreklamo sa pamamagitan ng mga proseso na madaling magamit at nakikitungo ng may paggalang.

Requirement sa ilalim ng patakaran na it na ang CAM na clergy, mga empleyado at boluntaryo, ay mag-ulat kung may katuwirang silang paniniwala na ang isang bata o kabataan ay nakakaranas ng pag-aabuso, nakakaranas ng abuso o nanganganib na masaktan sa tagal ng kanilang ministry o pagtatrabaho. Ang di pag-uulat ng pang-aabuso ng bata o di wastong pagkilos na inilalagay sa peligro ang bata at mga kabataan ay isang paglalabag sa Safeguarding Children and Young People Policy.

Ang pagsasagawa ng isang ulat ng pang-aabuso ng bata ay kinabibilangan ng pagsasabi sa mga alagad ng batas at sa Professional Standards Unit (PSU) ng Catholic Archdiocese of Melbourne sa oras (sa lalong madaling panahon sa sandaling may katuwirang naniniwala, maliban na lang kung ang bata o murang edad na bata ay nasa kagyat na panganib).

Ang pag-uulat sa PSU ay nagtitiyak na ang mga parokya, ahensya at entity sa kabuuan ng Archdiocese ay nag-ulat at tumutugon ng husto sa mga ikinababahala, mga alegasyon ng reklamo na may kinalaman sa kaligtasan ng mga bata at kabataan.

Ang lahat ng mga ulat ay dapat naisadokumento sa Form ng Kaugnay ng Kaligtasan ng Batang Maling Asal at/o Pag-ulat sa Pang-aabuso sa Bata (**Child-safety Related Misconduct and/or Child Abuse Report Form**) at pinadala sa email sa Professional Standards Unit – professional.standards@cam.org.au – sa lalong madaling panahon.

Sa Victoria, ang naparatang na child abuse ay isinasagawa ng:

- clergy, mga empleyado at boluntaryo ay inuulat sa Pangkat ng Imbestigasyon ng Mga Sexual Offence at Pang-aabuso ng Bata (Sexual Offences and Child Abuse Investigation Team) (SOCIT) na nasa ilalim ng Victoria Police
- isang miyembro ng pamilya ang inulat sa Child Protection - Department of Health and Human Services (DHHS)
- isang bata o kabataan ay inulat sa Child Protection (DHHS) at/o sa SOCIT (Victoria Police) (hal. isang sexual behaviour na nakakasama, agresyon, karahasan, online na exploitation).

#### **VICTORIA POLICE**

Sexual Offences and Child Abuse Investigation Team (SOCIT):

[www.police.vic.gov.au/content.asp?Document\\_ID=36448](http://www.police.vic.gov.au/content.asp?Document_ID=36448)

#### **CHILD PROTECTION (DHHS)**

North and West (Metro) region: 1300 664 9777

South region: 1300 655 795

East region: 1300 360 391

West (Rural) region: 1800 075 599

Makalipas ang oras ng trabaho at Sabado't Linggo: 13 12 78

### **Ang tungkulin ng PSU bilang kaugnayan sa alegasyon ng maling pagkilos na may kaugnayan sa bata at/o child abuse**

Ang Professional Standards Unit (PSU) ay responsable sa pag-aayos ng maling pagkilos na may kinalaman sa kaligtasan ng bata at mga ulat ng child abuse na may kinalaman sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan at matiyak ang pag-uugnayan sa mga alagad ng batas.

Ang PSU ay gagabayan ayon sa mga rekomendasyon ng Victoria Police at /o Child Protection na may kinalaman sa anumang kilos na maaaring kailanganin para mataguyod ang kaligtasan ng mga kasangkot at integridad ng proseso ng imbestigasyon.

Ang CAM ay may legal na responsibilidad sa ilalim ng Reportable Conduct Scheme sa sabihin ang kasalukuyan at dati nang mga pangyayari ng pinaghinalaang pang-aabuso ng bata o maling pagkilos ng clergy, mga empleyado at mga boluntaryo sa Commission for Children and Young People (CCYP).

Ang lubos na maling pagkilos at/o kriminal na pag-uugali ay i-uulat sa Reportable Conduct Scheme (Commission for Children and Young People) at/o Victoria Police at sasailalim sa internal na imbestigasyon at pandisiplinang kilos (at/o administratibong kilos na alinsunod sa mga requirement ng Canon Law para sa mga miyembro ng clergy).



Ang pandisiplinang kilos ay natitiyak ayon sa kalubhaan ng maling kilos.

Ang pandisiplinang kilos sa kaso ng mga empleyado at boluntaryo ay maaaring kinabibilangan ng:

- pagpapayo
- pagsasanay
- isang verbal o nakasulat na babala
- pagsuspinde (mayroon o walang sahod)
- pag-aalis.

Sa kaso naman ng isang clergy, ikokonsidera ang isang pandisiplina at/o administratibong pagkilos na alinsunod sa Canon Law at maaaring kabilang ang:

- pastoral na superbisyon
- pagpapayo
- pagsuspinde ng mga faculty
- permanenteng pag-aalis ng mga faculty
- rekomendasyon sa Holy See para sa penal percept o pag-aalis mula sa clerical state (laicisation)
- excommunication.

Ang pagiging kompidensyal at privacy na may kaugnayan sa mga ulat ng pang-aabuso sa bata ay mananatiling umaalinsunod sa mga prinsipyo ng likas na hustisya at aming tungkulin sa pag-aalaga ang bantayan ang mga bata at kabataan.

Ang mga pangangailangan sa kaligtasan at suporta ng lahat ng mga kasangkot na panig sa isang ulat ay ikokonsidera at tutugunan bilang parte ng proseso na ito.

Mula sa PSA ay irerekord at babantayan ang mga maling kilos na may kinalaman sa kaligtasan ng bata at/o child abuse para makapagbigay sa Arsobispo ng pamamahala na may kaugnayan sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan sa kabuuan ng Archdiocese.

#### **PROFESSIONAL STANDARDS UNIT**

- mga oras ng trabaho: Lunes hanggang Biyernes, 9am-5pm
- telepono: 9926 5630
- email: [professional.standards@cam.org.au](mailto:professional.standards@cam.org.au)